

KAILANGAN
KO BA NG
LIVING TRUST
[NAKAHABILIN
HABANG
BUHAY PA]?

KUNIN ANG MGA
KATOTOHANANG
LEGAL NG
KABUHAYAN

Kailangan ko ba ng living trust?

- 1 *Ano ang living trust?*
- 2 *Ano ang magagawa ng living trust para sa akin?*
- 3 *Dapat bang may living trust ang lahat ng tao?*
- 4 *Makatutulong ba ang living trust kung mangyaring mawalan ako ng kakayahan?*
- 5 *Papaano makatutulong ang living trust sa pagyao ko?*
- 6 *Sino ang dapat maging trustee ng living trust ko?*
- 7 *Papaano ilalagay ang mga assets [ari-arian] ko sa living trust?*
- 8 *Ano ang mga kakulangan ng living trust?*
- 9 *Kung may living trust ako, kailangan ko pa ba ng will?*
- 10 *Makatutulong ba ang living trust na bawasan ang mga buwis sa ari-arian?*
- 11 *Kailangan bang mag-file [magharap] ako ng income tax return [ulat ng buwis sa kita] para sa living trust ko?*
- 12 *Ano ang iba pang mga document pang-estate-planning [plano pampamamahagi ng ari-arian] na dapat mayroon ako?*
- 13 *Ano ang mga iba't-ibang uri ng trust?*
- 14 *Sino ang dapat magbanghay ng living trust para sa akin?*
- 15 *Dapat ba akong mag-ingat sa mga “tagapagtaguyod” ng serbisyong pang-financial at estate planning?*
- 16 *Magkano ang gastusin sa living trust?*
- 17 *Papaano akong makahahanap ng may-kakayahang attorney?*

© 2011 The State Bar of California (Ang State Bar ng California). Hindi maaring kopyahin, itago sa isang retrieval system [paraang pagtatago na makukuha muli], o ipadala sa anumang kaayusan, na walang nauunang nakasulat na pahintulot.

Natupad ang pamphlet na ito, nang bahagya, sa pamamagitan ng mga pagsisikap na kusang-loob ng Trusts and Estates Section ng State Bar of California.

1 *Ano ang living trust?*

Isang dokumento na legal na maaring humalili nang bahagya para sa isang will. Sa isang *living trust*, ilalagay sa trust ang mga *assets* ninyo (halimbawa, ang inyong tirahan, mga bank account at stocks [saping-puhunan]), pangangasiwaan para sa kapakanan ninyo habang buhay kayo, pagkatapos ililipat sa mga beneficiary [makikinabang] ninyo kapag yumao kayo.

Hinihirang ng madaming tao ang sarili nila bilang *trustee* na may-kapangyarihang mamahala ng mga assets ng kanilang trust. Sa gayong paraan, kahit na nailagay na ang mga assets ninyo sa trust, mananatili kayong may-kapangyarihan sa mga assets ninyo habang buhay kayo. Maari din kayong pumili ng isang *successor trustee* [susunod na tagapangalaga] (isang tao o samahan) na mamahala ng mga assets sa trust kung sakaling maging hindi na ninyo kaya o ayaw na ninyong gawin ito nang sarili ninyo.

Isang *revocable living trust* [mababawing nakahabilin habang buhay pa] (minsan tinatawag na *revocable inter vivos trust* [mababawing pagkahabilin sa pagitan ng dalawang buhay na tao] o isang *grantor trust* [nakahabilin para sa magbibigay]) ang living trust na ipinaliliwanag sa pamphlet na ito. Maaring baguhin o bawiin ang ganitong trust sa anumang panahon ng tao o mga taong naglikha nito (kaugaliang kinikilala bilang (mga) *trustor* [lumikha], *grantor* [nagbigay] or *settlor* [nagkakasundo]) habang may-kakayahan pa sila.

Ang kasunduan ng inyong living trust ay:

- Nagbibigay sa trustee [tagapangalaga] ng karapatang legal na mamahala at mangasiwa ng mga assets na hinahawakan sa trust ninyo.
- Inuutusan ang trustee na pamahalaan ang mga assets ng trust para sa kapakanan ninyo habang buhay kayo.
- Tinuturing ang mga *beneficiary* (mga tao o samahang pangkawang-gawa) na tatanggap ng mga assets sa trust ninyo kapag yumao kayo.
- Nagkakaloob ng pagpatnubay at mga tanging karapatan at kapangyarihan sa trustee na mamahala at mamahagi ng mga assets sa trust. Isang *fiduciary* [katiwala] ang trustee, na ibig sabihin na hawak niya ang isang puwestong inaasahan at pinagkatitiwalaan at nasasailalim sa mga mahigpit na pananagutan at mataas-na-mataas na pamantayan. Halimbawa, hindi maaring gamitin ng trustee ang mga assets ng trust ninyo para sa kanyang sariling gamit o kapakanan na walang malinaw na pahintulot ninyo. Sa halip, kailangang

hawakan ng trustee at gamitin lamang ang mga assets sa trust para sa kapakanan ng mga beneficiary ng trust.

Maaring maging mahalagang bahagi ang living trust—at sa maraming kalagayan, ang pinakamahalagang bahagi—ng estate plan ninyo. Para sa detalyadong kaalaman tungkol sa estate planning, mag-order ng walang-bayad na kopya ng pamphlet ng State Bar *Do I Need Estate Planning? [kailangan ko ba ang estate planning]*? Ie-mail lamang ang order ninyo sa **pamphlets@calbar.ca.gov**. O, dalawin ang website ng State Bar — **calbar.ca.gov** — kung saan mahahanap ninyo ang mga pamphlet pangnamimili ng State Bar, gayundin ang kaalaman kung papaanong ma-order ang mga ito. Kung hindi kayo nakakagamit ng Internet, tawagan ang 1-888-875-LAWS (5297) para sa kaalaman kung papaanong mag-order ng pamphlet sa koreo.

2 *Ano ang magagawa ng living trust para sa akin?*

Makakatulong itong tiyakin na pamahalaan ang mga assets ninyo alinsunod sa mga kagustuhan ninyo—kahit na maging hindi na ninyo kayang pamahalaan ang mga iyon nang sarili ninyo.

Sa pagtayo ng living trust ninyo, maaring ikaw ang magsilbi bilang trustee nito sa simula, o maari ninyong piliin ang iba na tumupad niyon. Maari ninyong turingin ang isang trustee na kapalit na mamumuno sa pamamahala ng trust para sa kapakanan ninyo kung mangyaring hindi na ninyo kaya o ayaw na niyong pamahalaan ito nang sarili ninyo. Kapag yumao kayo, titipunin ng trustee—katulad ng executor ng isang will—ang inyong mga assets, bayaran ang anumang utang, paghabol at buwis, at ipamahagi ang assets ninyo alinsunod sa mga tagubilin ninyo. Subalit, hindi katulad ng will, maaring gawin ang lahat na ito nang walang pangangasiwa o pahintulot ng hukuman.

3 *Dapat bang may living trust ang lahat ng tao?*

Hindi. Hindi nangangailangan ng living trust at walang mapakikinabangan sa pagkakaroon ng living trust ang mga batang mag-asawa na walang malaking assets at walang mga anak, na nagbabalak na iwanan ang assets nila sa isa't isa kapag naunang yumao ang isa sa kanila. Hindi rin nangangailangan ng living trust ang mga iba pang tao na walang malaking assets at may madaling-madaling ang mga estate plan. Pangkatapusan, hindi dapat magkaroon ng living trust ang sinumang gusto ang pangangasiwa ng hukuman sa pamamalakad ng kanilang

estate. Habang mas-malaki ang halaga ng mga assets (lalo na kung may-ari kayo ng real estate [lupain]), mas-malaki din ang pangangailangan ng living trust. At maaring mahalaga ang living trust kung sakaling ma-accident o bilgang magkasakit.

4 Makatutulong ba ang living trust kung mangyaring mawalan ng kakayahan ako?

Kung trustee na kayo sa sariling ninyong living trust at mawalan kayo ng kakayahan, pamamahalaan ng pinili ninyong *successor trustee* [susunod na tagapangalaga] ang mga assets ng trust para sa iyo. Subalit, kung wala sa living trust ang mga assets ninyo, kailangang pamahalaan ng ibang tao ang mga ito. Depende kung ang mga assets ninyo ay kaariang *separate* [hiwalay] o *community* [sama-sama] kung papaano gagampanan ito.

Kung kasal kayo o may naka-register na domestic partner [kasamang pantahanan], *community property* ang mga assets na natipon ng alinman sa sarili ninyo o ng asawa ninyo o domestic partner habang kasal kayo o magkasama at habang naninirahan sa California. (*Pansinin:* Hindi ituturing kaariang community para sa pakay ng income tax na federal, ang earned income [natanggap na kita] sa domestic partnership [pagsasama pantahanan]).

Sa kabilang panig, malamang na ituturing na *separate property* ang anumang kaariang mayroon kayo bago kayo ikinasal o nagpag-register ng partnership ninyo, o isang natanggap na regalo o mana habang kasal o nasa partnership.

Sa California, pamamahalaan ang community property ng inyong asawa o naka-register na partner kung may-kakayahan sila. Kung may-ari kayo ng separate property (o hindi kayo kasal o walang registered domestic partnership) at naging walang-kakayahan na kayo, pamamahalaan ang mga assets na ito ng isang kinatawan o *attorney-in-fact* sa ilalim ng isang power of attorney [karapatan ng kinatawan] (See #12); subalit, kung walang planning, maisasailalim ang mga separate property ninyo sa isang paglilitis ng probate court na tinatawag na *conservatorship*.

Sa paraan ng conservatorship, maaring magpasya ang isang judge na hindi na ninyo kayang pamahalaan ang sarili ninyong pananalapi o labanan ang pandaraya o labis na influence [panghihikayat]. Kaya maghihirang ang hukuman ng ibang tao (isang *conservator*) na mamamahala ng mga assets ninyo para sa inyo. At magre-report ang conservator sa court nang palagian.

Maaring isang tao na nahirang ninyo nang dati ang conservator ninyo. O, kung wala pang nahirang, maaring

maging ang inyong asawa, naka-register na domestic partner o isa pang kapamilya. Kung wala sa mga ito ang maari, sa gayon maaring maging isang public guardian [tagapag-alaga mula sa madla].

Na-design [binanghay] ang paglilitis na conservatorship upang ipagtanggol kayo sa panahong madali kayong mapagsamantalahan o walang kakayahang pamahalaan ang mga assets ninyo. Subalit, likas na pangmadla ang mga ito at maaring magastos dahil sa marami-raming pamamagitan ng hukuman. Sa karagdagan, maaring di-gaanong maibabagay ang mga paglilitis ng conservatorship sa pamamahala ng real estate o iba pang kapakanan kaysa sa isang living trust na pinamamahalaan ng maige.

5 *Papaano makatutulong ang living trust sa pagyao ko?*

Maaring pamahalaan ng trustee ang mga assets na hinahawakan sa living trust ninyo at ipamahagi alinsunod sa mga tagubilin ninyo na walang pangangasiwa at pagkasangkot ng hukuman. Maaring makatipid ito ng panahon at pera para sa mga tagapagmana ninyo. Dahil wala sa tuwirang pamamahala ng probate court ang trust, hindi magiging public record [talang pangmadla] ang mga assets ninyo pati halaga ng mga ito (gayundin ang mga pagkilanlan sa mga beneficiary nito). Kailangan pa ring patalastasan ang inyong mga tagapagmana at beneficiary tungkol sa living trust, at payuhan, kasama ng iba pang bagay, tungkol sa karapatan nilang makakuha ng copy noong trust.

Kung wala sa living trust ang mga assets ninyo (iyon lamang nasa pangalan ninyo), maisasailalim sila sa *probate*. Ang probate ay isang paraang pinangangasiwaan ng hukuman upang ilipat ang mga assets sa mga beneficiary na nakatala sa inyong will.

Matapos kayong yumao, maghaharap ng kahilingan sa hukuman (kinaugalian ng tao o samahan na naturing sa will ninyo bilang executor). Pagkatapos na magpatalastas, magdaraos ng paglilitis. Tatanggapin sa probate ang will ninyo at hihirangin nang formal ang executor. Maghaharap sa hukuman ng inventory [tala] ng mga assets ninyo at patatalastasan ang mga pinagkakautangan ninyo upang magharap sila ng mga paghahabol. Magtatapos ang paraang ito kapag napagtibay na ng hukuman ang pangkatapusang pamamahagi ng mga assets.

Maaring mas-matatagal ang probate kaysa sa pamamahagi ng ari-arian na hinahawakan sa isang living trust. Sa karagdagan, hindi kasing daling maabot ng mga beneficiary ang mga assets na nakatala sa probate katulad ng mga hinahawakan sa isang living trust. At madalas na

mas-magastos ang isang probate kaysa sa gastos ng pamamahala at pamamahagi ng katulad ng assets na hinahawakan sa isang living trust.

6 *Sino ang dapat maging trustee ng living trust ko?*

Maraming tao ang nagsisilbi bilang trustee ng kanilang living trust hanggang maging mawalan ng kakayahan sila o yumao. Pinagpapasyahan ng iba pa na kailangan nila ng tulong dahil lamang masyado silang okupado o masyadong walang karanasan o ayaw nilang mamahala ng mga pang-araw-araw na bagay na financial.

Mahalagang-mahalaga ang pagpili ng angkop na trustee na kikilos para sa inyo. Magkakaroon ang trustee ng malaking kapangyarihan at tungkulin at hindi maisasailalim sa tuwirang pangangasiwa ng hukuman.

Maari ninyong piliin ang asawa, anak na nasa edad, domestic partner, iba pang kaanak, kaibigan ng pamilya, kasosyo sa business, o fiduciary na professional upang maging trustee ninyo. Ang fiduciary na professional ay maaaring isang taong may-license, naka-register, o isang bank o trust company na may-license ng State ng California. Maaari din kayong magturing ng mga co-trustee [kasamang katiwala].

Pag-usapan ninyo ng attorney ng estate planning kung sino ang napili ninyo. Maraming mga bagay na dapat pag-isipan. Halimbawa, magiging problema ba ang paghirang ng isa sa mga anak ninyong nasa edad at sa kanyang iba pang mga kapatid? Anong pagkasalungat sa mga tungkulin ang maaring malikha kung tuturinging ninyo bilang trustee ang asawa, anak, kasosyo sa business, o kabakas? At magkakaroon kaya ang taong tinuring na successor trustee ng panahon, kakayahang magsaayos at karanasan upang tuparin nang mahusay ang gagawin?

7 *Papaano ilalagay ang mga assets ko sa living trust?*

Kapag nalagdaan na ang trust ninyo, may nalalabi pang mahalagang gawain. Upang iwasan ang paglilitis na conservatorship na pinangangasiwaan ng hukuman kung sakaling maging walang kakayahan kayo, o ang paraang probate kapag yumao kayo, dapat ilipat ang mga assets ninyo sa trustee ng living trust ninyo. Kinikilala ito bilang *funding* [paglaan ng yaman] ng trust.

Dapat ihanda at i-record [itala] ang mga deed [titulo] ng real estate ninyo. Dapat ding ilipat ang mga bank account at stock at bond account o certificate. Hindi

kinakailangang magastos ng mga gawaing ito, ngunit mahalaga ang mga ito at kakailanganin ng paperwork o mga kasulatan.

Maaring hawakan ng living trust ang kapwa separate at community property. Pinapaginhawa nito para sa mga asawa at naka-register na domestic partner na pagplanuhan ang pamamahala at pangwakas na pamamahagi ng kanilang mga assets sa isang dokumento. (*Pansinin:* Kahit na halos may-katulad na karapatan ang mga naka-register na domestic partner kagaya ng mga asawa, malayan ninyo na hindi naglalaan ang batas na federal na katulad ng pakinabang pambuwis sa mga domestic partnership kagaya ng sa mga asawa).

Kung may-ari kayo ng real estate sa iba pang state o bansa, maari din (depende sa batas ng state na iyon) ninyong ilipat ang asset na iyon upang maiwasan ang probate sa iba pang state na iyon. Maaari kayong tulungan ng isang attorney mula sa state na iyon na maghanda ng deed at kumpletuhin ang paglilipat. Kung nasa California ang real estate, dapat isang attorney na taga-California ang maghanda ng deed at payuhan kayo sa paglilipat ng property na gayon.

Makatutulong din ang isang attorney sa paglilipat ng mga iba pang assets. Halimbawa, dapat pag-isipan ninyong palitan ang mga nakahirang na beneficiary sa life insurance na maging ang trust. Tungkol sa mga nakahirang na beneficiary sa isang qualified [naaayon sa utos ng IRS] plan (kagaya ng isang 401(k) o isang IRA), dapat kayong humanap ng payo ng isang professional na may-kakayahan dahil may mga mabigat ng bagay tungkol sa income tax.

8 *Ano ang mga kakulangan ng living trust?*

Dahil hindi naisasailalim ang mga living trust sa tuwirang pangangasiwa ng hukuman, maaring pagsamantalahan kayo, sa ilang kalagayan, ng isang trustee na hindi kumikilos sa pinakamahusay na kapakanan ninyo. (Sa probate, binabawasan ang panganib na ito ng tuwirang pangangasiwa ng hukuman.)

Sa karagdagan, maaring mas-mataas ang gagastusin ng paghahanda ng isang living trust, sa ilang kalagayan, kaysa sa gagastusin sa paghahanda ng isang will. Subalit, depende ito sa tanging estate plan. Maaring hindi malaki ang pagkaiiba ng gastusin kung mahirap gawin ang estate plan.

At saka, tandaan na maaring maglikha ang isang living trust ng karagdagang gagawing papeles sa ilang kalagayan. Halimbawa, maaring hindi papayag ang mga nagpapautang na magpautang sa isang trust at kakailanganing tanggalin ang real property [ari-ariang

lupain] mula sa trust (sa pamamagitan ng deed) bago sila pumayag na mag-utang sa real property na iyon.

9 *Kung may living trust ako, kailangan ko pa ba ng will?*

Oo. Magkakabisa ang will ninyo sa anumang mga assets na may-titulo na nasa pangalan ninyo sa pagyao ninyo at wala sa living trust ninyo o ilang iba pang uri ng pagmamay-ari na may right of survivorship [karapatan ng naiwang buhay]. Kung mayroon kayong living trust, kinaugalian na mayroon ang will ninyo ng *pour over provision*. Nagsasaad lamang ang ganitong provision [tadhana] na ilipat ang lahat ng mga ganitong assets sa trustee ng living trust ninyo matapos kayong yumao. (Subalit, hindi ibig sabihin nito na maiiwasan ng mga beneficiary ninyo na dumaan sa probate para sa mga assets na ito.)

Maari din kayong humirang ng mga guardian [tagapag-alaga] ng inyong mga anak na wala sa edad. Papamahalaan pa rin ng trustee ang anumang assets na hinahawakan sa trust para sa mga anak ninyo.

Upang malaman ang karagdagan pa tungkol sa mga will, basahin ang pamphlet pangnamimili ng State Bar na may-pamagat na *Do I Need a Will?* Para sa kaalaman tungkol sa pag-order ng kaloob na copy ng pamphlet na ito o anumang iba pang pamphlet pantuturo ng namimili ng State Bar, basahin ang tugon sa tanong #1.

10 *Makatutulong ba ang living trust na bawasan ang mga buwis sa ari-arian?*

Hindi. Habang may mga provision nilalaman ang isang living trust na kayang ipagpaliban, bawasan o kahit alisin ang mga estate taxes, maaari ding ilagay ang mga kahawig na mga provision sa isang will upang gawin ang katulad ng pagpapalano sa tax.

11 *Kailangan bang mag-file ako ng income tax return para sa living trust ko?*

Hindi, habang buhay kayo. Social Security number ninyo ang taxpayer identification number [pagkilanlan ng nagbabayad ng buwis] sa mga account ninyo na hinahawakan sa trust, at dapat i-report sa inyong pansariling income tax return ang lahat ng mga kita at pagbawas na nauukol sa mga assets sa trust.

Matapos kayong yumao, kahawig sa isang probate ang pagbubuwis ng kita ng living trust.

12 Ano ang iba pang mga dokumento pang-estate-planning na dapat mayroon ako?

Makakatulong ang isang *durable power of attorney for property management* [pangmatagalang karapatan ng kinatawan para sa pamamahala ng ari-arian] kung sakaling mawalan na kayo ng kakayahan. Tatratuhin nito ang mga assets na hindi nailipat sa living trust ninyo bago kayo nawalan ng kakayahan at anumang mga assets na matatanggap ninyo pagkaraan nito. Sa pamamagitan ng power of attorney na ito, maghihirang kayo ng isa pang tao (ang *attorney-in-fact*) na magpapasyang pam-financial para sa inyo.

Subalit, hindi maaring palitan ng power of attorney ang living trust dahil, kabilang sa mga iba pang bagay, nagwawakas ito kapag yumao kayo. Hindi ito maaring magkaloob ng mga tagubilin para sa pamamahagi ng mga assets ninyo matapos kayong yumao.

Maari din ninyong pag-isipan na magtayo ng *advance health care directive* [atas pampangalang pangkalusugan]/*durable power of attorney for health care* [pangmatagalang karapatan ng kinatawan para sa pangangalang pangkalusugan]. Papayagan nitong magpasya ng pangangalang pangkalusugan ang attorney-in-fact ninyo para sa inyo kapag hindi na ninyo kayang gawin ang mga ito para sa sarili ninyo. Sa inyong *advance health care directive*, maari ninyong isaad ang mga kagustuhan ninyo tungkol sa life-sustaining treatment [paggamot na nagpapatagal ng buhay], organ donation [paghandog ng mga bahagi ng katawan] at, gayundin, kaayusang paglibing. Papayagan din ng isang health care directive ang pinapahintulatang kinatawan na maabot ang kaalamang panggagamot ninyo, na maaring maging mahalaga kung isasaalang-alang ang paghihigpit ng mga batas na federal pangkalihiman.

13 Ano ang mga iba't-ibang uri ng trust?

Testamentary trusts at *irrevocable trusts* ang dalawang iba pang uri ng mga trust:

- Ang mga **testamentary trust** ay mga trust na nakabatay sa mga tagubiling nasa will ninyo; hindi itinatayo ang mga trust na gayon hanggang matapos ang paraang probate. Hindi tinutukoy ng mga ito ang pamamahala ng mga assets ninyo habang buhay kayo. Subalit, maari nitong sustentuhan ang mga batang anak at iba pang mangangailangang tao upang pamahalaan ang mga assets nila matapos kayong yumao.

- Ang mga **irrevocable trust** ay mga trust na hindi mababago o mababawi minsang nalikha na ang mga ito. Sa karaniwan, may bisa ang buwis sa mga document na ito Kabilang sa mga halimbawa ang mga irrevocable life insurance trust [ang trust ang may-ari ng seguro], irrevocable trust para sa mga anak, at charitable trust [panustos sa samahang pangkawang-gawa]. Matutulungan kayo ng isang attorney na may-kakayahan pang-estate-planning sa mga document na ito.

14 *Sino ang dapat magbanghay ng living trust para sa akin?*

Makatutulong ang isang attorney na may-kakayahang estate-planning na maghanda ng living trust ninyo, gayundin ang isang will at iba pang document na pang-estate-planning.

Kahit na masangkot ang mga iba pang professional at kinatawan ng business sa estate planning ninyo, isang document na legal ang living trust, na dapat ihanda ng isang attorney na may-kakayahan.

Sa karagdagan, hinihimok kayo ng State Bar na humanap lamang ng payo sa mga professional na may-kakayahan upang magpayo tungkol sa estate-planning. Kailangang may-license ng State of California ang marami sa mga professional.

Tanungin ninyo ang professional tungkol sa mga kakayahan nila. At tanungin ang sarili ninyo kung sakaling may saligang dahilang financial ang tagapayo na pagbilhan kayo ng isang tanging pamumuhunan, kagaya ng annuity [tatanggapin bawat taon] o policy ng life insurance. Maaring pakilingin ng ganitong kabayaranang financial ang payo ng professional na iyon.

Madalas na iniaalok ang isang living trust bilang pamain o “loss leader [pinamura upang akitin ang namimili]” ng mga tanggapan na walang tauhang attorney na may-kagalingan at may-kakayahan sa estate-planning. Sa kasamaang palad, natatamo ng ilang nagtitinda ng kahina-hinalang kalakal pang-financial ang pagtitiwala at mga pansariling kaalamang financial ng kanilang mga biktima sa pamamagitan ng pagkukunwaring nag-aalay ng serbisyong estate o trust planning.

15 *Dapat ba akong mag-ingat sa mga “tagapagtaguyod” ng serbisyong pang-financial at estate planning?*

Oo. Madaming tumatawag sa sarili nila na “trust specialist” [dalubhasa sa trust], “certified planner” [pinatibayang tagaplano] o iba pang mga titulo na

nangangahulugang nakatanggap na ang taong iyon ng paunang pagsasanay sa estate planning. Nakaranas na ang California ng maraming pagtataguyod ng mga ganitong taong walang kakayahan at mga pagkatao na may iisa lamang ang layunin – maabot ang salapi ninyo sa pagtitinda ng mga kalakal na nauukol sa life insurance tulad ng mga annuity at iba pang kalakal na nagdudulot ng commission. Upang pangalagaan nang mas-mahusay ang sarili ninyo:

- Makipagsangguni sa isang attorney o iba pang tagapayong financial na marunong sa estate planning, na hindi naghahangad na magtinda ng kalakal na maaring hindi kailangan—*bago* pag-isipan ang isang living trust o anuman at iba pang document o serbisyong pang-estate o financial planning.

- Humingi ng panahon upang pag-isipan at gunitain ang inyong pinagpasyahan. Huwag ninyong payagan na pilitin kayong bumili ng isang kalakal pang-estate o financial planning.

- Alamin ninyo ang mga karapatan ninyo na mag-cancel [umatras]. Inuutos ng batas ng California sa lahat ng nagtitinda na pupunta sa bahay ninyo para magtinda ng mga kalakal o serbisyo (na may ilang di-pagsama) na gagastusan ng higit sa \$25 na kailangan na bigyan kayo ng dalawang copy ng form na *notice of cancellation* para mai-cancel ang kasunduan ninyo. Sa pangkalahatan, dapat maaari ninyong i-cancel ang nabili, at ang transaction, hanggang sa hating-gabi ng sumusunod na ikatlong business day [araw ng pagtrabaho]. Batay sa mga kalagayan, maaring mayroon kayong mas-matagal na panahon upang i-cancel ang mga transaction pang-life-insurance o annuity. Halimbawa, kung 65^{ng} taon na kayo o mas-matanda, mayroon kayo hanggang 30^{ng} araw upang mag-cancel.

- Maging maingat sa mga samahan o tanggapan na hindi-lawyer ang tauhan at nag-tatangkilik ng one-size-fits-all [isang uri para sa lahat] na mga living trust o kit [kagamitan] na pang-living-trust. Maaring may malaki at mahal na kalalabasan para sa estate ninyo ang isang estate plan na linikha na isang tao na hindi attorney na may-kakayahan. Huwag ninyong payagan na mapilit kayong bumili nang madalian.

- Mag-ingat sa mga naghahangad na magtinda sa bahay na namimilit na makuha ang kalamang lihim at detalye tungkol sa inyong assets at pananalapi.

- Alamin ninyo kung may mga reklamo na naiharap laban sa company sa pamamagitan ng pagtawag sa mga tanggapan na nangangalaga sa namimili sa local at sa state o sa Better Business Bureau.

- Pilitin ninyong makita ang identification [pagkilanlan] ng tao at ipaliwanag ang kaniyang mga kakayahan, pag-aaral, pagsasanay at kadalubhasaan sa estate planning. At saka, tandaan ninyo na hindi pinapayagang magbigay ng payong legal ang mga katulong pang-document na legal. At dapat nagtatrabaho ang mga paralegal sa ilalim ng tuwirang pangangasiwa ng isang attorney. (Bilang pag-iingat, hilingin na kausapin ng tuwiran ang nangangasiwang attorney kung hindi ka bigyan ng pagkakataong gawin iyon.)

- Palaging humingi na isang copy ng anumang document na nilagdaan ninyo sa sandaling lagdaan ninyo ito.

- I-report ninyo kaagad sa police o district attorney ang mga pamamaraang pambabaso [dahas na pamimilit], pandaraya o kasinungalingan.

16 *Magkano ang gagastusin sa living trust?*

Depende sa inyong kalagayang pansarili at ang kahirapan ng mga kakailanganing document at pagpapalano upang makamtan ang inyong mga hangarin at puntahin. Maaring iba-iba ang gastos sa iba't-ibang attorney. Pangkaraniwan, kabilang sa mga gastos ang singil ng attorney upang pag-usapan ninyo ang estate plan ninyo at para sa paghahanda ng inyong living trust agreement [kasunduan], power of attorney o iba pang mga kinakailangang document na legal; pampapangasiwa sa pagsagawa ng mga ito; at mga serbisyo o tagubilin kung papaanong i-fund [panustusan] ang living trust ninyo.

Mahalagang tandaan ninyo na mahalagang bahagi ng estate plan ninyo ang isang living trust. Iwasan na maakit ng mga nagpapalaganap ng mga living trust sa mababang-mababang gastos na hindi ninyo sinisiyasat kung sino ang mga nag-aalok ng mga ito.

Kung makipagkasundo kayo sa isang attorney, dapat maintindihan ninyo kung ano ang mga serbisyong ipagkakaloob at magkano ang mga ito. Pangkaraniwan, innutos ng batas ng California ng ipaliwanag ng isang attorney, na nakasulat, ang uri ng mga serbisyo na isasagawa, at ang gastos para sa mga serbisyong iyon at mga kondisyong kung papaano ang bayaran. Ang ilang lawyer sumisingil nang pakyawan para sa serbisyong

pang-estate-planning. Ang iba naman sumisingil nang bawat oras o gumagamit ng magkahalo ng bawat uri ng singil.

17 *Papaano akong makahahanap ng may-kakayahang attorney?*

Kung wala kayong alam na attorney na may-kakayahan upang tulungan kayo sa estate plan ninyo, magtanong sa ibang mapagkakatiwalaan ninyo — halimbawa, isang kaibigan, kasosyo o employer. O tawagan ang local na pinatibayang serbisyo ng State Bar na pagsangguni sa attorney. Para sa tala na online ng mga pinatibayang serbisyong pagsangguni sa attorney, dalawin ang website ng State Bar sa **calbar.ca.gov/lrs**. O, para sa mga phone number ng pinatibayang serbisyo sa county ninyo, tumawag sa 1-866-44-CA-LAW (442-2529). Maaring tumawag ang mga nasa labas ng state sa 415-538-2250 upang madinig ang parehong patalastas. O basahin ang Yellow Pages ng telephone directory ninyo o makiugnay sa inyong local na samahan ng bar.

Matutulungan kayo ng mga pinatibayang serbisyo ng State Bar sa pagsangguni sa attorney, na dapat masapat ang mga pinakamababang pamantayan na itinayo ng California Supreme Court, upang makahanap ng attorney na bagay sa inyong kalagayan. Nag-aalay ang pinakamarami sa mga serbisyong iyon ng kalahating-oras na panayam sa mainam na singil. Kinakailangan attorney na may insurance ang mga attorney na mga kawani ng pinatibayang serbisyong pagsangguni sa, tanggapin ang walang-bayad na arbitration [hatol ng tagapamagitan] sa mga pagtatalo ukol sa singil, masapat ang mga pamantayan sa karanasan at maging kasaping maganda ang katayuan sa State Bar.

“Certified specialists in estate planning, trust and probate law [pinatibayang dalubhasa sa batas ng estate planning, trust at probate]” ang mga ilang attorney na nagtatrabaho sa larangan ng trust at estate planning. Ibig sabihin nito na nasapat na nila ang mga pamantayang pagpapatibay na tinakda ng State Bar sa California. Subalit, mayroong mga attorney na may-karanasan sa estate planning na hindi kumukuha ng ganoong pagpapatibay. Para sa tala ng mga specialist at karagdagan kaalaman tungkol sa programang pagpapatibay, pumunta sa **californiaspecialist.org**. O tawagan ang 415-538-2120.

Kung napagpasyahan ninyong makipagkasundo sa isang attorney, tiyaking naiintindihan ninyo kung ano ang babayaran ninyo, magkano ang gagastushin. Sa karagdagan, kinaugalian sa mga attorney na patalastasan nila ang mga bagong client kung *wala* silang malpractice

insurance [segurong pagtanggol sa abuso ng tungkulin]. Dapat gawin ang gayong patalastas kapag makipagkasundo ang client sa attorney kung “reasonably foreseeable [makikinita nang makatwiran]” na lalampas sa apat na oras ang pagkakatawan.

Para sa karagdagang kaalaman, basahin ang pamphlet ng State Bar *How Can I Find and Hire the Right Lawyer [papaano kong mahahanap ang tamang attorney]*? Maari ninyong i-order ang pamphlet na pangnamimili at iba pang walang bayad sa pamamagitan ng pag-e-mail sa pamphlets@calbar.ca.gov. O, upang malaman kung papaanong mag-order ng mga lathalang pangnamimili ng State Bar sa pamamagitan ng koreo, tawagan ang 1-888-875-LAWS (5297). O, dalawin ang website ng State Bar — calbar.ca.gov — kung saan mahahanap ninyo ang mga pamphlet, gayundin ang kaalaman kung papaanong ma-order ang mga ito.

Layunin ng pamphlet na ito ang pag-alay ng kaalamang pangkalahatan tungkol sa batas, na napapailalim ng pagbabago. Hindi payong legal ito. Makipag-usap sa isang attorney kung mayroon kayong tanging suliraning legal.

The State Bar of California

Office of Media and Information Services
[tanggapang pang-media at serbisyong pangkaalaman]

180 Howard Street

San Francisco, CA 94105-1639

415-538-2000

Mga Lathala: 1-888-875-LAWS (5297)

pamphlets@calbar.ca.gov

calbar.ca.gov



THE STATE BAR OF CALIFORNIA

Office of Media and Information Services

180 Howard Street

San Francisco, CA 94105-1639

Place
Stamp
Here